

OPISYAL NA PAHAYAG

Hulyo 17, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach,
562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Ang ‘Great Plates Delivered’ na Programa ng Pagkain para sa mga Nakakatanda ay Pinalawak hanggang Agosto 9

Long Beach, CA - Ang Lungsod ng Long Beach ay nagpalawak ng Programa ng Great Plates Delivered, isang libreng serbisyo sa paghahatid ng pagkain para sa mga kwalipikadong nakatatanda na naapektuhan ng COVID-19 pandemya, hanggang Agosto 9, 2020. Ang balita na ito ay dumating pagkatapos ng Federal Emergency Management Agency (FEMA), na nagpopondo ng programa, ay nagbigay awtorisasyon ng pagpapalawak para sa mga county at lungsod ng California.

“Inaasahan namin na patuloy na makapagbigay ng libreng pagkain para sa mga nakatatanda habang sinusupportahan ang mga lokal na restawran,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Kami ay nagpapasalamat sa aming mga kasosyo sa Estado at FEMA sa pagbibigay sa amin ng pondo upang ipagpatuloy ang programa na ito.”

Nagsimula ang Great Plates Delivered sa Long Beach noong Hunyo 9 at mula noon ay nakapagbigay ng higit sa 27,300 na pagkain sa higit sa 340 na nakatatanda na naapektuhan ng krisis sa kalusugan. Ang programa ay nakagawa din ng isang lokal na pang-ekonomiyang epekto ng higit sa \$400,000 mula nang umpisa nito, kasama ang pakikilahok ng 16 na mga restawran sa Long Beach at mga tagapagbigay ng pagkain na naghahanda ng mga pagkain na ipinamamahagi. Ang mga lokal na tagapagbigay ng pagkain ay ginawaran ng mga kontrata sa Lungsod sa pamamagitan ng isang [proseso ng pag-bid](#) noong Mayo, at kasama ang mga representasyon mula sa iba’t ibang etnikong lutuin na nagpapakita ng kultura ng komunidad ng Long Beach.

Una nang inihayag ni Gob. Gavin Newsom ang programa noong Abril sa isang pakikipagtulungan sa mga county, lungsod at tribo sa isang pagsisikap upang mapanatiling malusog ang nakatatandang populasyon habang nagbibigay din ng mahahalagang pang-ekonomiyang estimulo sa mga lokal na negosyong naghihirap sa panahon ng krisis ng COVID-19.

Ang mga kuwalipikadong nakatatanda ay maaari pa ring sumali sa programa sa pamamagitan ng pagsusumite ng isang [aplikasyon online](#) sa pagbisita sa longbeach.gov/seniormealdelivery, pagtawag sa (562) 570-INFO (4636) at pagpili ng opsyon na numero 5, at pag-email sa GreatPlatesLB@longbeach.gov.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa: longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###